# 1

He was feeling restless.

Hindi mapakali si Kevin habang pinapanood ang mga tao sa paligid niya; nagkakasiyahan, nagkukuwentuhan, nagtatawanan sa gitna ng isang eleganteng backdrop na tanging mga tao lang mula sa alta sociedad ang nakakaranas. It was a scene he was used to experiencing since bago pa siya nagka-isip at siyempre, sa lahat ng bagay na nakasanayan na, nagagawa na iyong pagsawaan. And it was frustrating the hell out of him.

Hindi niya maintindihan kung bakit nararamdaman niya ang bagay na iyon when, in truth, nasa kanya naman na ang lahat. Ngayong thirty-eighth birthday niya, malaya niyang masasabi na nagawa na niya ang lahat ng gusto niyang gawin sa buhay mula nang maaga siyang maulila at the tender age of seventeen at naipamana sa kanya ang lahat ng kumpanya at ari-arian ng mga magulang niya.

Isa na siya sa mga pinaka-successful na businessmen sa mundo. Academically, matagal na niyang nakuha ang mga double masters niya sa

finance at economics, narating na ang lahat ng gusto niyang marating pagdating sa pulitika. Sports? He had tried almost everything that interested him at kahit sugal nasubukan na rin niya until it bored him. And through it all, he always came on top. So wala siyang dahilan para makaramdam ng ganitong klase ng ennui. Na parang may kung anong kulang sa puso niya na hindi niya maipaliwanag.

"Hey, ano'ng iniisip mo diyan?"

Nag-angat ng mukha si Kevin at nakita ang kaibigan na si Eric na umuupo sa booth kung saan siya naroon, dala ang isang bote ng scotch.

Nag-angat ng isang kilay sa Eric sa hindi niya pagsagot. "May problema ba? Ano ba 'yon, pare?"

Alam ni Kevin na hindi rin siya titigilan ni Eric hangga't hindi niya sinasabi ang gusto nitong malaman. Matagal na silang magkaibigan at kilala na nila ang isa't isa. Isa pa, baka masagot ni Eric para sa kanya ang nakakainis na pakiramdam na ito na bumubuo ng frustration sa puso niya. "Have you ever had the feeling na parang nagawa mo na ang lahat ng gusto mo sa buhay mo at parang wala na lang kuwenta ang lahat sa paligid dahil natikman at naranasan mo na ang lahat and yet you still feel… empty?"

Napakurap si Eric sa kanya, medyo nagulat sa tanong na hindi inaasahan bago nag-isip at sumagot. “Ngayong naitanong mo ‘yan, I guess I’ve had the feeling once or twice before.”

Nag-angat ng isang kilay si Kevin. “So ano’ng ginagawa mo para maalis ang ganoong klase ng pakiramdam?”

Malapad ang ngiti na nagkibit ng mga balikat si Eric. “Eh, di naghahanap ako ng mga bagay na hindi ko pa nagagawa!”

Napasimangot si Kevin. “Tulad ng ano?”

Natawa si Eric. Parang kasing ang helpless ni Kevin at nanghihingi sa kanya ng mga sagot para sa isang napakasimpleng tanong. “Eh di, I find something else to live for, ‘yong mga bagay na hindi ko pa nagagawa.”

Lumalim ang simangot sa mukha ni Kevin. “Paano kung nagawa mo na nga ang lahat?”

Napailing si Eric. “Imposible ‘yang sinasabi mo.”

“Why is that?”

“Dahil kahit umabot ka pa sa dulo ng buhay mo hindi mo pa rin magagawa ang lahat ng bagay sa mundo,” kaswal lang na sagot ni Eric.

Iritang pinakawalan ni Kevin ang hininga. “If that’s so then, bakit ganito ang nararamdaman ko?”

Noon na-realize ni Eric ang sitwasyon ng kaibigan at noon din nito naunawaan. “Malamang narating mo lang ang punto sa buhay mo na na-realize mong hindi ka pa pala kuntento,” seryosong sabi nito.

Pinaglaruan ni Kevin sa mga kamay ang basong iniinuman nito. “I’ve already accomplished more than an average person can do in a lifetime, ano pa ba ang kulang para maging kuntento ako?”

Napangisi si Eric bago may ininguso sa kanya. “’Ayun o.”

Sinundan ni Kevin ng tingin ang itinuturo ng kaibigan at doon nakita ang isa nilang kakilala, si Harold na kasama ang bago nitong asawa na si Christina. Dalawang taon na ang mga itong kasal, pero kung umasal pa rin ay parang mga newly weds.

Nangulot ang labi ni Kevin nang makita na magkahawak ang mga kamay ng mga ito kahit na nakikipag-usap sa iba. Naalala niya na pareho nila noong nililigawan si Christina, pero nang malaman niya kung sino ang gusto nito ay tumulong na rin siya para magkaroon ang dalawa ng pagkakataon

para magkasama.

Ibinaling niya ang atensyon kay Eric. “Wala rin naman akong problema sa babae, thanks. I can have any woman I want.”

Umikot ang mga mata ni Eric. “No, idiot; asawa! Hindi mo pa nararanasan na mag-asawa!”

Sumimangot si Kevin. “Wala pa ‘kong interes na mag-asawa.”

“Bakit, ilang taon ka na ba?”

Iritang umiwas lang ng tingin si Kevin sa kaibigan. “Shut up.”

Nagtaasan ang mga kilay ni Eric at bumulong sa kanya. “Huwag mong sabihin na may gusto ka pa rin kay Christina?”

Kunot ang noo na binalaan ni Kevin ng tingin si Eric. “Of course not.”

Hindi nasindak si Eric ng masamang tingin ni Kevin sa kanya at patuloy lang na sinuri ang katabi. “Talaga? Kahit kaunting panghihinayang wala?”

Nanilim ang simangot ni Kevin rito. “Wala, ano ka ba? Hindi ko pinanghihinayangan ang mga bagay na isinuko ko na.”

Isa pa, naisip ni Kevin, pinili lang niyang ligawan si Christina dati dahil naging kumportable siya rito at inisip niya that marriage with her would be tolerable. Loyal si Christina at matalino, pero walang nararamdaman si Kevin para rito na kahit na anong katulad ng nararamdaman ng mag-asawa para sa isa't isa. It made him a little envious, really at minsan hindi niya mapigilan ang sarili na mag-isip kung ano kaya ang pakiramdam ng makaramdam ng ganoong klase ng pagtatangi para sa isang tao lang. It was a scary thought.

Nakahinga naman nang maluwang si Eric sa tabi niya. "Hay salamat, buti naman. Kung nagkataon kasi baka magkaproblema tayo niyan."

Napailing na lang si Kevin at uminom ng alak na kanina pa niya hawak. Noon dumating sa party ang isang lalaki na may nakasukbit na dalawang magagandang babae sa magkabilang braso nito. Hindi napigilan ng lalaki na mapasimangot sa sobrang disgust.

"Ah ha! Dumating na pala ang isang 'yan." narinig ni Kevin na bulong ni Eric sa tabi niya. "Pare, huwag mo siyang titigan nang ganyan, baka siya matunaw."

Pinanood ng dalawang magkaibigan ang

paglapit sa kanila ng nakatatandang lalaki at parehong naging pormal ang mga tingin nila. Hindi nawala ang malapad na ngiti sa mukha ng lalaki. "Hey, Kevin, Eric, kamusta na, mga pare?"

Isang malamig na tango lang ang ibinigay rito ni Kevin at si Eric lang ang nag-abala pang sumagot dito. "Mabuti naman, Mr. Maravello."

Pareho nilang hindi gusto si Arsenio Maravello. Para sa kanila isa lang itong mapagkunwaring social climber na nanalo ng lotto sa kung saan. Hindi nila alam kung saan nito nakuha ang limpak-limpak na pera na pinanggagastos nito sa mga babae, sugal at sa lahat ng kasarapan. Mukhang wala itong balak na maghirap para kumita pa ng iba dahil sa katamaran nito na sumabak sa mga business dealings. At para kay Kevin, wala nang mas bababa pang klase ng tao kaysa doon.

"Ikaw naman, Eric, masyado ka namang pormal, Arsenio na lang!" masayang sinabi ng nakatatandang lalaki. Halatang gustung-gusto nitong mapalapit sa dalawang most eligible bachelors sa alta sociedad. "We're all friends here, aren't we?"

"Talaga?" sarkastikong tanong lang ni Kevin dito saka ibinalik ang basong hawak sa isang dumadaang waiter na may hawak na tray. "Excuse me, kailangan

ko nang umalis."

Napakurap si Arsenio. "Bakit naman? Halos nag-uumpisa pa lang ang party!"

Kaswal na nagpamulsa lang sa pantalon si Kevin saka nagsimulang lumakad palayo. "Nawalan na 'ko ng gana."

"Excuse us," nakangiti namang paalam ni Eric bago sinundan ang kaibigan kaya hindi nila napansin ang simangot sa mukha ni Arsenio habang sinusundan sila ng tingin.

"The man disgusts me," mahinang angil naman ni Kevin sa katabi nang makarating sa kotse niya.

"Yes, I can see that," amused namang sagot ni Eric. "Sa totoo nga, eh, medyo naaawa na 'ko sa lalaking 'yon. Kulang na lang tapakan mo siya."

"Ewan, sa tuwing tinitingnan ko siya para akong nakakakita ng ahas," nakasimangot na sabi ni Kevin habang binubuhay ang makina ng kotse. "Huwag mo muna akong hanapin sa mga susunod na araw, Eric."

Nagtaasan ang mga kilay ng lalaki. "Bakit? Going somewhere?"

Napakibit lang ng balikat si Kevin. "Siguro. Pero

hindi pa 'ko sigurado kung saan."

Hindi nagulat pa si Eric sa sinabi ng kaibigan. May ugali kasi si Kevin minsan na bigla na lang nawawala at walang makahagilap for several days hanggang sa bigla na lang siyang magpapakita uli.

Napangisi lang si Eric sa kanya. "Okay. Enjoy yourself, then. At sana, whatever it is that's bothering you, maresolbahan mo agad."

Tinanguan ito ni Kevin bago nag-drive paalis. Totoo ang sinabi niya na hindi talaga niya alam kung saan siya pupunta. Kahit na ano ang gawin niya, hindi talaga niya maalis ang iritableng pakiramdam na sumisiil sa buong katauhan niya at kumakain sa kaluluwa niya na parang lason. Magkakasakit ba siya? Mukhang malabo dahil tingin niya ay mas malakas pa siya sa kalabaw. Katunayan niyon ang lahat ng mga achievements niya sa business, sports at kahit anong bagay na pasukin niya.

Ang mga alaala ng mga magulang niya ang nagturo kay Kevin kung saan dapat na pumunta. Sa kalagitnaan ng kalsada ay nagbago agad siya ng ruta. Agad siyang pumunta sa villa ng mga magulang niya sa Tagaytay. Walang tao doon ngayon at malamang, doon niya makita ang hinahanap niyang kasagutan.

MAG-ISANG NAGLAKAD sa mga pasilyo ng madilim na mansion si Kevin nang walang pag-aalinlangan. Kabisado niya ang bawat sulok ng lugar na iyon kahit na minsan na lang siya pumunta dito sa villa kung saan lumaki ang mama niya.

Pumasok si Kevin sa loob ng madilim na private office kung saan may daan papunta sa kuwartong napili niyang pagtulugan habang nandito siya. Nag-iisip siya kung mabuti kayang magtawag siya ng ilang malalapit na mga kaibigan para makasama niya rito nang bigla siyang matigilan. Noon niya naramdaman na hindi siya nag-iisa.

"Diyan ka lang, itaas mo ang mga kamay mo at huwag kang kikilos ng masama kung ayaw mong masaktan," utos ng isang mababang boses sa kanya.

Pakiramdam ni Kevin, naging yelo ang dugo na dumadaloy sa mga ugat niya at pinilit niya ang sarili na huwag magmura. Mabagal niyang hinarap ang nanloob sa bahay niya at muntik nang matawa nang makita ang isang teenager na lalaki na tinututukan siya ng balisong. At nakikita niyang napakadungis nito kahit na buwan lang ang liwanag na puwede niyang asahan bilang tulong sa mga mata niya. Ano ito?

"Magnanakaw ka ba?" malamig niyang tanong.

"Ano ba ang balak mong nakawin dito sa bahay? Walang masyadong gamit dito na puwede mong ibenta nang ganoon lang."

Parang na-offend ang bata sa sinabi niya. "Hindi ako kriminal! Nandito ako para maningil, walanghiya ka!"

Maningil? Ipinadala ba ito ng isa sa mga kalaban niya sa pulitika? Bakit naman pipili ang mga kalaban niya ng bata para ipapatay siya? Kunsabagay, mas madaling papaniwalain ang mga bata ngayon. Baka aktibistang estudyante ito sa kung saang unibersidad na panatiko sa mga paniniwala nito.

"Ipinadala ka ba rito ng mga kalaban ko?" kaswal niyang itinanong rito habang mabilis na humahanap ng paraan ang utak niya para makaligtas. "Tungkol ba 'to d'on sa bill na—"

"Wala akong pakialam sa pulitika o sa kahit na anong walang kuwentang bagay. Nandito ako para pagbayarin kang animal ka!" galit na nitong putol sa pagsasalita ni Kevin.

Mukhang galit na galit ang bata at naintindihan ni Kevin na hindi na niya ito dapat galitin pa. Matapang din itong magsalita. Inobserbahan niya itong mabuti at nakitang, kahit madungis ito ay

tuwid naman ito kung tumindig. Sinubukan niyang makipagbuskahan dito. “Huwag mo ‘kong takutin, hijo, hindi mo alam kung sino ang tinatalo mo.”

Ni hindi man lang kumurap ang binatilyo.

“Nandito ako para iganti ang pinsan ko!” angil nito sa kanya. “’Yong pinsan ko na binuntis mo, hayop ka!”

Napakurap si Kevin. Hindi isang ordinaryong binatilyo ang isang ito dahil hindi siya puwedeng magkamali sa narinig niyang malamig at malinaw na delivery nito ng mga salita. Sa salita pa lang, ramdam na niya na may pinag-aralan ito. Ngunit ano itong issue na tungkol sa pinsan na nabuntis? Wala siyang kahit na sinong nabubuntis!

“Wala akong nabubuntis na babae,” malamig niyang ibinalik sa kausap. “And I assure you, hindi ako pumapatol sa mga kauri mo.”

“Huwag ka ngang mayabang diyan, salot!” mahinang angil nito. “Binuntis-buntis mo siya tapos ngayon, ikakaila mo?”

Napasimangot si Kevin. “Wala akong alam tungkol sa mga pinagsasasabi mo, bata, pero hindi ako gumagala sa kung saan-saan para mambuntis lang ng babae!”

Galit na napalapit sa kanya ang binatilyo. "Hindi sinungaling ang pinsan ko!"

Iyon ang hinihintay na pagkakataon ni Kevin. Ginamit niya ang bilis niya saka ginulat ang binatilyo at, mayamaya, nasa sahig na silang dalawa. Obvious naman na mas malakas siya pero hindi iyon naging hadlang para hindi manlaban ang binatilyo na parang baliw na matsing. Pilit niyang inagaw ang balisong, pero naihagis ito ng nakababatang lalaki. Kaagad itong hinabol ni Kevin pero, nang yumukod siya para kunin ito at mailayo sa kaguluhan ay nadulas siya sa sahig at naramdaman niya ang di-inaasahang pagbagsak ng ulo niya sa gilid ng isang mesa.

Ang sumunod lang na rumehistro sa kanya ay paninilim ng paligid bago siya tuluyang nawalan ng malay.

# 2

"Dennis? Ikaw na ba 'yan?"

Naglakad si Naomi papunta sa living room mula sa opisina niya nang marinig ang pagtigil ng isang sasakyan sa labas ng cottage kung saan nakatira siya at ang pamilya niya. Nang makita ang nakababatang pinsan ay saka lang siya nakahinga nang maluwag. Simula kasi nang umuwi siya galing sa ospital kasama si Amanda para sa check-up nito ay hindi na maalis ang kaba niya. "Saan ka ba nanggaling? Alam mo ba kung gaano ako nag-alala sa—"

Natigilan bigla si Naomi nang makita na may ibinabagsak si Dennis na isang malaking lalaki sa pinakamalapit na sofa na nasa living room nila. Namutla ang teenager nang makita siya nito.

"A-Ate Naomi, magpapaliwanag ako…"

Napatitig si Naomi sa walang malay na lalaki na nasa sofa niya nang may katagalan, bago ibinaling ang pansin sa ninenerbiyos na pinsan na parang hindi mapakali. Sa utak niya, tahimik na nagdadasal si Naomi na sana, hindi totoo ang iniisip niya tungkol sa sitwasyon na nasa harapan niya ngayon. "Dennis,

please don't tell me na ito 'yong—"

"I had to, Ate Naomi, he deserved it!"

Napaungol nang kaunti si Naomi habang sinasapo ang puno ng ilong kung saan nararamdaman niya ang pagsibol ng isang matinding migraine. She should have known. "Oh my God, Dennis, ano'ng ginawa mo?!"

Napalunok ang binatilyo, pero matapang pa ring sumagot. "Pinuntahan ko lang siya para takutin, Ate Naomi, I swear wala akong balak na saktan siya!"

"Oh really? Then please explain kung bakit wala siya ngayong malay?" Sinulyapan ni Naomi ang balisong na nakasuksok sa tagiliran nito at namutla. "Huwag mong sabihin na nasaksak mo siya?"

Napakurap si Dennis at namutla rin, pero agad na umiling. "Hindi, Ate Naomi, promise! Nawalan siya ng malay nang mabagok ang ulo niya habang nag-aagawan kami sa balisong! Pero wala akong balak na saktan siya. Tinatakot ko lang siya!" bulalas ng binatilyo. "Gusto ko lang itama niya ang mga pagkakamali niya kay Ate Amanda para hindi ka na nahihirapan!"

Hindi pa rin makapaniwalang napailing si Naomi sa pinsan. "Pero paano mo nalaman na

nand'on siya?"

"Nagbakasakali lang ako na nandoon pa ang lalaking 'yan sa villa nang pumasok ako r'on kanina," nakatungong sagot ni Dennis. "Hindi pa 'ko nagtatagal d'on nang dumating siya kaya hinarap ko na."

Sa kabila ng galit na namumuo sa dibdib ni Naomi ay hindi niya mapigilan ang makaramdam ng tuwa dahil sa pagmamahal sa kanya ng nakababatang pinsan. Noon din ay nangako siya na poprotektahan niya ito kahit na ano ang mangyari. "Fine, mabuti pa kunin mo ang medical kit ko sa itaas habang tsine-check-up ko ang isang 'to."

Kaagad na sumunod sa kanya si Dennis na halos magtatakbo papunta sa kuwarto niya samantalang ibinaling naman ni Naomi ang pansin niya sa pasyente. Mukhang nawalan lang ito ng malay at may sugat sa ulo, pero maliban doon, wala na siyang nakikitang ibang sugat. Sana lang hindi ito makaranas ng memory loss o heavy concussion o sumailalim sa isang malalim na coma.

*Wait a minute! Maybe that won't be so bad, after all*, ani Naomi sa sarili. Ito kasi ang dahilan kung bakit buntis ngayon ang nakababata niyang kapatid at nakadagdag pa sa mga problema na ni hindi man

lang niya alam kung paano uumpisahang ayusin.

Napaupo si Naomi sa tabi ng walang malay na lalaki at sinuri ang mukha nito at katawan. Kaya naman pala naloko ng isang ito si Amanda. Totoong guwapo nga ito at makisig na gaya ng sinasabi ng kapatid niya. Katamtaman ang katawan nito at mukhang athletic. Medyo rugged ang features nito at moreno, obviously lumalabas ito at hindi nakakulong sa mga spa o opisina. Stable, malakas at ruthless ang ere na ibinibigay ng katauhan nito kahit na tulog at hindi mapigilan ni Naomi ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Hindi niya akalain na sa dinami-dami ng mga pagkakaiba nilang dalawa ni Amanda, sa lalaki pa sila magkakasundo.

Bago pa niya namalayan ang sarili ay hinahaplos na niya ang magaspang nitong pisngi…

"Nasaan na siya? Ano'ng ginawa mo sa kanya?"

Parang pusang nagulat na napatalon si Naomi mula sa kinauupuan niya at napatitig sa nakababatang kapatid na bigla na lang pumasok sa living room. Diyos ko, ano ba ang nangyayari sa kanya? Ito ang siraulong oportunista na ama ng dinadala ni Amanda! Kung ganito kalakas ang dating nito sa mga babae, hindi na talaga siya ngayon magtataka kung paano nito nakuha ang nakababata

niyang kapatid.

Pinilit ni Naomi na ibalik ang pagiging kalmado niya habang pinapanood ang paglapit ng dalaga. "Amanda, ano ba'ng ginagawa mo? Hindi makakakabuti para sa 'yo ang magpuyat. Hindi ka na dapat tumayo."

"Hindi!" Pumadyak si Amanda sa sahig na parang bata. "Ang sabi ni Dennis inuwi daw niya ang boyfriend ko! Ano'ng nangyari sa kanya?"

"Relax ka lang," napabuntong-hiningang sabi ni Naomi sa overdramatic na kapatid. "Wala lang siyang malay ngayon dahil naaksidente siya habang… nag-uusap silang dalawa ni Dennis. Hindi pa natin malalaman kung ano talaga ang lagay niya hangga't hindi pa siya nagigising."

Nanlaki ang mga mata ni Amanda at napabulalas. "Oh no!"

Sinimangutan ni Naomi si Dennis na nasa likod lang ni Amanda at napapangiwi dahil sa ingay na ginagawa nito. "I'm sorry. Nang pabalik na kasi ako nakasalubong ko siya sa hallway saka tinanong niya 'ko. Hindi ko na siya napigilan."

Napasapo si Naomi sa ulo niya. Oh well, mas mabuti nang gawin nila ito ngayon kaysa bukas.

Ibinaling niya ang pansin sa nakababatang kapatid na tinitingnan pa rin ang walang malay na lalaki sa sofa. "Amanda, wala kang dapat na alalahanin. Nagawa lang 'yon ni Dennis dahil gusto ka niyang tulungan."

"Ilang beses ko ba'ng sasabihin na hindi ko kailangan ang tulong ninyo!" angil naman ni Amanda sa dalawa. "Alam kong babalikan niya 'ko, 'yon ang sinabi niya! At oras na bumalik siya, isasama na niya 'ko at doon na kami titira sa malaking mansion niya!"

"Ate Amanda, gumising ka nga!" iritable nang sagot ni Dennis. "Kung talagang gusto kang makasama ng lalaking 'to, sana hindi ka niya iniwan noong sabihin mo sa kanyang buntis ka!"

"How dare you!" Binayo ni Amanda ang dibdib ng nakababatang pinsan habang humihikbi. "Hindi 'yan totoo!"

Nang makitang nasasaktan na ang binatilyo ay saka nagsalita si Naomi. "Amanda, tama na 'yan."

Hindi nagtaas ng boses si Naomi o kumilos man lang pero sapat na iyon para tumigil si Amanda sa ginagawa nito.

Imbes na ilabas ang galit sa pinsan ay lumuhod

na lang si Amanda sa tabi ng kasintahan at saka humikbi sa dibdib nito. “Sweetheart, ano’ng ginawa nila sa ‘yo?”

Napailing naman si Naomi at nilapitan si Dennis na nakatungo lang. Nagtaas lang ito ng mga mata nang marahang guluhin ni Naomi ang buhok nito at binigyan ang binatilyo ng isang marahan ding ngiti. “Natutuwa ako na gusto mong makatulong, naiintindihan kita; pero sana, sa susunod isipin mo muna ang gagawin mo bago ka magpadala sa mga impulses mo. Mapapahamak ka lang kapag kumilos ka uli nang ganito. Huwag kang mag-alala, pipilitin kong gumawa ng paraan.”

Isang nanginginig na ngiti ang ibinigay sa kanya ng binatilyo. “Thank you, Ate Naomi. Pasensya ka na talaga.”

Niyakap ni Naomi si Dennis at sasabihan na sana itong magpahinga nang marinig nila ang tili ni Amanda. Gulat na napatakbo si Naomi sa tabi ng nakatayong kapatid na tila nahihintakutang nakatitig sa lalaking nasa sofa. “Amanda, bakit?”

Itinuro ni Amanda ang lalaking kanina lang ay iniiyakan nito at nagulat sina Naomi at Dennis sa mga sumunod na salitang lumabas mula sa maganda nitong bibig. “S-sino ang lalaking ‘yan?”

Nangunot ang noo ni Naomi habang tinititigan ang nakababatang kapatid saka ito nilapitan. “What do you mean ‘sino ang lalaking ‘yan’? Hindi ba ‘yan ang tatay ng ipinagbubuntis mo?”

“Of course not!” asik ni Amanda na parang siya pa ang may kasalanan sa problema nilang ito. “Sinabi ko na sa inyo na ang ama ng dinadala ko ay ang may-ari ng Villa Dela Nieve!”

Litong napasulyap naman si Naomi kay Dennis na kaagad sinagot ang tahimik niyang tanong. “Pero… siya ang naabutan ko doon sa loob ng bahay, Ate Amanda. Dala-dala pa nga niya ‘yong kotse niya pagdating saka parang alam na alam niya ang pasikut-sikot sa buong bahay.”

“Sinabi nang hindi siya ang may-ari ng bahay na ‘yon!” galit na balik ni Amanda sa nakababatang pinsan.

“Pero siya talaga ang may-ari ng—”

“Bakit ba mas marunong ka pa sa ‘kin, ikaw ba ang nakasama niya?”

“Amanda, puwede bang huminahon ka muna?” Pinilit ni Naomi ang sarili na huwag sigawan ang kapatid.

"Ayokong huminahon, Ate, sinasabi ko sa inyo na nagkakamali kayo!" galit na galit na sagot ni Amanda. "There must be some sort of misunderstanding! Baka magnanakaw lang siya na pumasok d'on sa mansion!"

"May susi siya sa front door!" pangangatwiran ni Dennis.

"Well then, baka katulong lang siya o family friend na makikigamit ng villa!" mainit na balik ni Amanda sa pinsan. "Either way, hindi siya ang boyfriend ko! Bakit naman ako papatol sa mukhang sangganong 'yan? Baka hardinero lang siya d'on! At hindi ako ang tipong pumapatol lang sa hardinero!"

Lalong lumalim ang kunot sa noo ni Naomi habang sinusuri ang lalaki sa sofa. Wala pa siyang nakikitang hardinero na nagsusuot ng *Armani* jacket para lang maglinis ng bahay ng amo.

"Pero, Ate Amanda—"

"Hindi! Ang mabuti pa, itapon na lang ninyo ang lalaking 'yan kung saang lupalop n'yo siya napulot at—"

"That's enough," pigil ni Naomi. Kaagad na nanahimik ang dalawa kahit na kitang-kita pa rin sa mukha ni Amanda ang galit at pagrerebelde but she

knew better than to question Naomi kapag ganoon na ang tono ng boses niya. "Wala tayong mapapala sa ginagawa nating pag-uusap dito at hindi rin natin alam ang totoo, kaya mabuti pa magpahinga na kayong dalawa at oras na magising itong lalaking 'to, saka natin malalaman kung ano ba talaga ang ginagawa niya sa villa. Baka maituro niya sa atin kung nasaan ang boyfriend mo, Amanda."

Kaagad na naging defensive ang mukha ni Amanda. "Ilang beses ko bang sasabihin sa 'yo na babalikan niya 'ko rito, Ate? Mahal niya 'ko, I just know it!"

"I couldn't care less if he promised you the sun, moon and stars, Amanda. The fact of the matter is buntis ka na at may pananagutan siya sa 'yo at sa magiging anak ninyo. Ngayon, kung balak ka nga niyang pakasalan at panagutan—"

"Of course, he will—"

"Kung balak ka man niyang panagutan," pagpapatuloy ni Naomi na binibigyan ng nagbababalang sulyap ang kapatid na agad na nagpatahimik rito. "Gusto kong malaman 'yon nang maaga at gusto ko ring makasigurado para man lang mapakasalan ka niya bago pa lumobo ang tiyan mo. Now, magpahinga na kayong dalawa, marami pa

tayong gagawin bukas."

Padabog na umakyat sa taas si Amanda para pumasok na sa kuwarto nito, pero hindi agad na sumunod si Dennis. Instead, nanatili ito sa sala at nakayukong humarap sa nakatatandang pinsan. "I'm really sorry, Ate Naomi."

Hindi natiis ni Naomi si Dennis at niyakap niya ito. Mula nang abandonahin ito ng tiyuhin niya noong anim na taong gulang pa lang ito, siya na ang nag-alaga rito at kapatid na ang turing niya sa pinsan. Alam niyang napakabait nitong bata kahit na may pagkapadalus-dalos ang mga kilos. Kahit na nakakagawa ito ng mas malaking mga gulo, alam naman ni Naomi na maganda ang mga intensyon nito kaya hindi niya rito kayang magalit.

"It's okay, sweetie, alam ko na gusto mo lang makatulong," bulong niya bago niya ito pinakawalan. "Now, go upstairs at magpahinga ka na. Ako na ang magbabantay dito sa…b-bisita natin ngayong gabi."

Napipilitang tumango si Dennis bago muling binigyan ng isang huling sulyap ang walang malay na lalaki sa sofa at umakyat papunta sa kuwarto nito.

Nagpakawala ng isang mabigat na buntong-

hininga si Naomi at saka hinarap ang lalaking nakahiga sa sofa niya.

Sa dinami-dami ng mga problema nila ngayon, hindi niya akalain na dadagdag pa ang isang ito sa kanya. Malapit na silang paalisin sa sarili nilang pamamahay ng gahaman niyang tiyuhin at nito lang ay nalaman niyang buntis si Amanda. Ngayon naman ay may estrangherong walang malay na nasa bahay niya. Ngunit sa kabila niyon, hindi niya napigilan na hindi makaramdam ng awa at kaunting takot para sa lalaking ito.

Kinuha niya ang medical kit na dinala ni Dennis sa kanya kanina at sinimulang asikasuhin ang sugat ng lalaki. Hindi na naman niya mapigilan ang sarili na maakit sa kabuuan nito bago niya na-realize kung ano ang iniisip niya at napailing.

"Ano ba naman ang iniisip ko? Tama nang si Amanda na lang ang magpakatanga nang dahil sa lalaki; I can't afford to make a fool out of myself now!" inis niyang bulong habang dinadampian ang sugat ng lalaki ng alcohol. "Mukhang nakainom ka pa yata. Sana ayos ka lang paggising mo. Natatakot talaga ako na baka kung ano ang mangyari sa 'yo. Hindi yata kakayanin ng konsyensya ko kapag nagkaroon ka ng seryosong head injury."

Tila narinig siya ng ginagamot dahil napaungol naman ang lalaki at sandaling natigilan si Naomi; akala niya magigising ito, pero bumalik lang ito sa pagtulog. Napahinga nang maluwang ang babae at itinuloy ang ginagawa. “Sana lang, mapatawad mo kami, oras na gumising ka. Dahil hindi ko alam kung paano ko mababayaran ang kasalanan naming ‘to sa ‘yo…”

# 3

Pagkabukas ng mga mata ni Kevin, hindi niya alam kung nasaan siya. Noong una, akala niya, nananaginip lang siya. Pero naramdaman niya ang sakit ng ulo niya nang subukan niyang kumilos at sapat na iyon para maalala niya ang nangyari. Pero nasaan na siya ngayon? At ano na nga ba ang nangyari?

Hindi niya maalala kung nakauwi siya ng bahay kagabi. Nakainom na naman ba siya nang marami kagabi at nakatulog sa kama ng iba na namang babae? He definitely did not recognize this room. At… mukhang hindi naman kama itong hinihigaan niya. So nasaan siya? Nasa bahay ng isa sa mga kaibigan niya? Somehow he very much doubted that.

Busy siya sa kaiisip nang makarinig siya ng kumakanta nang mahina mula sa kung saan. At babae ang boses. Napaupo si Kevin sa sofa at tahimik na hinanap ang pinanggalingan niyon. Nakaramdam siya ng sakit sa ulo at napasapo siya roon. Doon niya naramdaman ang gasa na nakalagay sa ulo niya. Wait a minute. Sugat? And then, it hit him.

Iyong bata na may hawak na balisong. Nag-agawan sila, pero nabagok ang ulo niya and then… nothing. Damn it! He was kidnapped! Pero teka, nasaan na siya? At kung na-kidnap siya, bakit hindi siya nakagapos? Kinulong ba siya ng mga kidnappers niya sa silid na ito? Pinilit niyang tumayo, kailangan niyang malaman man lang kung nasaan siya. Susubukan niyang tumakas dahil kung hindi, baka kung mapaano pa siya rito. Ang una niyang dapat gawin ay ang alisin sa eksena ang babaeng kumakanta.

Tahimik at dahan-dahan siyang lumapit sa kusina at doon niya nakita ang babae na nakatalikod sa kanya, mukhang naghahanda ito ng almusal. Kumalam ang sikmura ni Kevin, pero inutusan niya iyong manahimik. Parang naramdaman naman ng babae ang mga tanong niya dahil nag-angat ito ng mukha at lumingon saka gulat na napatingin sa kanya bago iyon napalitan ng determinasyon. Sinubukan nitong tumakas, pero mas mabilis si Kevin kaya agad niya itong nahuli. Ipininid niya ito sa isang pader gamit ang katawan niya saka tinakpan ang bibig nito ng isang palad.

Akala ni Kevin kontrolado na niya ang sitwasyon pero may nangyaring hindi niya inaasahan.

Nang makita ni Kevin ang magandang mga mata ng babae na takot na nakatingin sa kanya, pakiramdam niya parang may pana na tumama sa puso niya. Kanina pa niya gustong makita nang malapitan ang mukha nito, pero hindi akalain ng lalaki na ganito ang magiging epekto nito sa kanya. Halos wala sa sarili na inalis niya ang palad niya mula sa malambot na bibig ng babae at tinanggal ang taling nagpupusod sa mahaba pala at makapal nitong buhok. He was surprised at nang magbago sandali ang expression sa mukha nito at mapatingin sa kanya nang mabuti, he figured she was feeling the same thing.

“Bitiwan mo ‘ko,” utos nito.

“Shh…” sagot ni Kevin. Somehow he felt connected to her in a way na hindi niya maintindihan.

Pero bago pa iyon maunawaan ni Kevin, napailing naman si Naomi na parang nagising at sinimulan siyang itulak palayo. “Bitiwan mo ko, kundi, sisigaw ako!”

Noon din ay napansin ni Kevin ang napakalambot na katawan na ipinipinid niya sa pader at ang mabangong simoy mula sa buhok ng babaeng hawak niya. Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya at hindi rin niya alam kung paano iyon nangyari, pero

parang bigla na lang kumilos ang mga daliri niya. Marahan niyong hinaplos ang malalambot na labi ng babae na parang nagulat din sa ginagawa niya. Sa sobrang dikit niya rito ay nararamdaman niya pati ang pagbilis din ng paghinga ng babae at narinig niya ang maliit nitong singhap nang madaanan ng hinlalaki ni Kevin ang pinakasensitibong bahagi ng mga labi nito. Pakiramdam ni Kevin ay para siyang nasusunog nang buhay at nabuhay ang isang mainit na gutom sa sikmura niya. Ang kaso lang, alam niya na hindi pagkain ang kailangan niya.

Iniiwas ng dalaga ang mukha nito para makaiwas sa mga daliri ni Kevin, pero napangiti lang ang lalaki at hindi siya tumigil. Matagal na siyang hinahabol ng mga babae hindi lang dahil sa pera, posisyon at hitsura niya, kundi dahil din sa malawak niyang experience sa sex. Pero ang babaeng ito… She was a mystery to him. Hindi niya alam kung ano ang gusto nito sa kanya dahil hindi naman siya nito kilala.

And yet she wanted him, nakikita niya iyon sa mga mata nito. At matindi ang epekto niyon sa kanya. Pero halatang naglalaban ang mga pangangailangan ng katawan nito sa common sense. She was determined not to give in to him.

Tinangka siya nitong itulak palayo. May galit sa

mga mata nito, pero kitang-kita rin ng makaranasang mga mata ni Kevin na nahahaluan na iyon ng mahamog na pagnanasa.

"Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo?" gitgit ang mga ngipin at namumula ang mga pisngi na asik ng babae. "Bitiwan mo nga ako!"

Alam ni Kevin na nasisiraan na siya. Sino ba namang matinong tao ang makakaisip pa na pagnasahan ang isa sa mga kumidnap sa kanya? Pero hindi niya magawang tumigil. Hinuli niya ang isa sa mga kamay na tumutulak sa kanya at ipininid ito sa pader samantalang ang isang kamay niya ay hinuli ang batok ng babae, bago niya ito tuluyang hinalikan.

Damang-dama ni Kevin ang gulat ng babae habang hinahalikan niya ito, pero imbes na pigilan siya ng maliliit nitong singhap at tangka nitong panlalaban sa kanya, para pa siya nitong lalong ginatungan; hindi niya napigilan ang sarili niya. Ipinilit niya ang mga labi sa babae hanggang sa wala na itong ibang magawa kundi ang buksan ang nakapinid nitong mga bibig at mapaungol nang tikman niya ang loob niyon. Pagkarinig ng maliit na tila pinipilit pigilang ingay na iyon, pakiramdam ni Kevin, matutunaw na ang mga tuhod niya. Ni

minsan sa buhay niya, hindi pa siya nakakaramdam ng ganito. Para siyang nasisiraan ng bait at hindi niya magawang tumigil… hanggang sa maramdaman niya ang mariing pagkagat ng mga ngipin sa mga labi niya.

Sa sakit ay napahawak si Kevin kaagad sa labi niya para tingnan kung dumudugo iyon, bagay na sinamantala ng babae na itinulak siya palayo gamit ang malalaya na nitong kamay. "Damn it!"

"Ano ba sa palagay mo ang ginagawa mo?" asik ng nanginginig na boses ng babaeng nakatayo na ngayon sa harapan niya. Mas lalo pa itong gumanda dahil sa pamumula ng mukha nito at sa pagnanasang nakikipaglaban sa lito at galit na nasa tila nag-aapoy nitong mga mata. "Nasisiraan ka na ba ng bait?"

"Nasisiraan?" paos at pabulong niyang tanong habang nakatitig dito. Walang ibang laman ang utak niya kundi ang isang napakatinis na pangangailangan na hindi niya maintindihan. It wasn't purely sexual either. At parang shocked pa rin sa buong sistema niya ang mga sensasyon na iniwan sa kanya ng isang halik lang na iyon. "Siguro nga."

Lalong tumingkad ang pagkapula ng mga pisngi ng babae sa kabila ng pagkainis sa boses nito. "Nang-aasar ka ba?"

Napalunok si Kevin at napahawak sa sugat na nagpaalala sa kanya kung ano ang ginagawa niya rito. Damn it, ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi ito ang tamang panahon para mambabae siya! "Shouldn't I be the one asking questions around here? Bakit ninyo ako kinidnap? Sino ang nag-utos sa inyo?"

"Walang nag-utos sa amin na gawin 'to. Na-carried away lang ang pinsan ko at akala niya, ikaw ang may-ari ng Villa Dela Nieve." Unti-unting binabawi ng babae ang nahihirapan nitong paghinga habang pinipilit ang sarili na salubungin ang mga mata niya.

"Dahil lang d'on?" Napasimangot si Kevin. Ano naman ang kailangan ng mga ito sa kanya? Hindi naman niya ito kilala. "Do you expect me to believe that?"

"Wala ka bang common sense? Kung talagang pinlano ka naming kidnapin, sana nakatali ka na ngayon saka nakakulong sa kung saan, hindi nakakagalaw nang malaya na katulad ng ginagawa mo ngayon," inis na balik naman ng babae.

Napakurap naman si Kevin nang ilang beses sa gulat. Wala pa siyang nakikilalang babae na nakipag-usap sa kanya nang ganoon. "Sino ka ba and what

the hell is going on?”

Napabuntong-hininga ang babae na parang pagod na pagod at noon napansin ni Kevin na para ngang puyat ito. “Mabuti pa maupo ka muna, uminom ka ng kape at sasabihin ko sa ‘yo ang lahat.”

Despite the fact na alam ni Kevin na hindi niya dapat ito pagkatiwalaan dahil isa itong estranghera, hindi niya mapigilan ang sarili niya. Unless isa itong napakagaling na aktres, iyong pagsagot nito sa halik niya kanina was too honest, too sincere para pagdudahan. Naupo siya at nag-decide na pakinggan ang sasabihin nito. “Fine, I’m listening.”

Huminga muna si Naomi nang malalim bago naupo rin sa silyang katapat niya saka nagsimulang magsalita. “Una sa lahat, Mister, gusto ko lang na maging malinaw na walang intensyon ang pinsan ko na saktan ka. Nadala lang siya ng galit niya at napagkamalan ka niyang ibang tao.”

Isang sinikal na kilay ang itinaas ni Kevin. “So ibig mong sabihin, noong itinutok niya sa ‘kin ‘yong balisong niya at sinabi niya na kailangan kong pagbayaran ang mga ginawa ko, hindi talaga niya ‘yon sinasadya?”

“Listen,” nagpapakumbabang umpisa ni Naomi.

"M-may nangyari kasi. Sinabi sa 'min ng kapatid ko na nakipagrelasyon siya sa may-ari ng villa na 'yon and now, she's pregnant; kailan lang niya inamin sa 'min kung sino ang ama. Apparently, nangako sa kanya 'yong lalaki na babalikan din siya, pero hindi nakumbinsi si Dennis, naunahan siya ng galit; kaya sumugod siya sa villa para pilitin ang nobyo ng kapatid ko na pakasalan na si Amanda. Sa palagay ko, hindi niya inaasahan na magkakagulo ang lahat.

"Dinala ka nga rito ng pinsan ko, pero hindi para kidnap-in o kung ano pa man. Sinabi niya sa 'kin kung ano ang nangyari and he just wanted you to get some medical attention dahil baka kung ano na ang nangyari sa 'yo pagkatapos mabagok ang ulo mo."

"So that's it?" di-makapaniwalang sambit ni Kevin, wala siyang nakitang kahit na anong pagsisinungaling sa mga mata at tono ng babaeng kaharap. "Iniisip ninyo na nabuntis ko ang kapatid mo?"

"That's basically it," ani Naomi. "Pasensya ka na talaga at napagkamalan ka ng pinsan ko."

"Napagkamalan?"

"Oo." Napabuntong-hininga uli si Naomi. "Pero

sinabi na naman sa 'min kagabi ni Amanda na hindi ikaw ang may-ari ng villa kaya imposibleng ikaw ang nobyo niya. Pasensya ka na talaga. Sana maareglo pa natin 'to kahit na paano, huwag mo na lang 'tong ipaabot sa mga pulis para wala nang problema."

Natahimik sandali si Kevin bago uli nagsalita. "Kahit naman hindi ko 'to isumbong sa pulis, magkakaproblema pa rin tayo."

Napakurap si Naomi at nasilip ni Kevin ang takot sa mga mata nito. Somehow, hindi niya nagustuhan ang guilt na tumurok sa puso niya nang dahil doon. "B-bakit naman?"

Napasimangot si Kevin at napahalukipkip. "Dahil the last time I checked, ako ang nag-iisang may-ari ng Villa Dela Nieve."

"Huwag kang maniwala sa kanya, Ate, he's lying!" malakas na protesta naman ng isang matinis na boses mula sa pintuan at nang tumingin si Kevin sa direksyong iyon ay may nakita siyang isang magandang babae na nakasuot ng isang mukhang mamahaling pantulog; kasunod nito ang binatilyong nakilala ni Kevin na siyang nakipagbunuan sa kanya sa mansion. Nakasimangot ito at nakadirekta iyon sa kanya. "Ilang beses ko bang sasabihin sa inyo na hindi siya ang may-ari ng villa! Ni katiting, hindi sila

magkamukha!"

Kaagad na nairita si Kevin, hindi lang dahil sa tinis ng boses nito kundi dahil sa pagtanggi nito sa mga sinabi niya. "Alam mo, Miss—"

"Hoy, lumayo ka nga kay Ate Naomi!" demand naman ng binatilyo sa kanya sabay pagitan sa kanya at sa babae na ikinairita lalo ni Kevin.

Pero para namang walang ibang narinig si Naomi kundi ang mga sinabi niya. "Anong ibig mong sabihin? Paanong ikaw ang may-ari ng villa?"

"Ate?" tili ng nakababatang babae na tumabi rin kay Naomi. "Huwag mong sabihin na mas naniniwala ka sa kanya kaysa sa 'kin?"

Pero hindi ito pinansin ni Naomi at ibinigay ang buong atensyon kay Kevin at napansin ng lalaki ang pamumutla ng mukha nito na parang inihanda ang sarili na makarinig ng masamang balita. "Ano ba ang buong pangalan mo?"

Sinalubong ni Kevin ang mga mata ng kaharap at, hindi niya alam kung paano pero, somehow, naintindihan niya kung ano ang iniisip nito. "Kevin Dela Nieve."

Parang nanlambot ang mga tuhod ni Naomi na

muling napaupo sa silya nito, napasapo sa noo saka nanahimik. Nag-aalala itong binalingan ng binatilyo. "Ate, bakit?"

"Ha!" mayabang na bulalas ni Amanda. "You see? Hindi siya ang may-ari ng villa! Dahil ang pangalan ng may-ari ng villa, eh… well, it doesn't matter what his name is! Kaya wala nang dahilan para—"

"Amanda," saway ni Naomi. "He's telling the truth. Sa tingin mo ba, hindi ko sinubukang alamin kung sino ang may-ari ng villa na 'yon nang malaman ko na buntis ka? Nagtanung-tanong ako at nalaman ko na ang pangalan ng nag-iisang may-ari ng lugar na 'yon ay Kevin Dela Nieve. Ang nag-iisang anak ng mga dating may-ari."

Bakas ang kalungkutan sa magandang mukha ni Naomi. Sandaling nakaranas si Kevin ng halos di-makontrol na pagnanasa na hawakan uli ang mukha nito, pero pinigilan niya ang sarili.

Nagsimulang mamutla si Amanda, pero kita sa mukha nito na hindi pa rin nito matanggap ang lahat. "I don't get it, how do you even know na si Kevin Dela Nieve nga ang taong 'to?"

Ibinaling muli ni Naomi sa kanya ang paningin

nito at tumango. Realizing kung ano ang gusto nitong mangyari, hinugot ni Kevin ang wallet na nasa bulsa niya at ipinatong sa mesa ang driver's license niya. Malinaw doong nakalagay ang pangalan at litrato niya.

"I'm sorry, Amanda..." bulong ni Naomi sa kapatid saka binalingan si Dennis na ihatid muna ang babae, na ngayon ay humagulgol na, sa kuwarto nito.

Nagsalita na si Naomi pag-alis ng dalawa. "I'm really sorry. Nakahanda akong pasanin ang kahit na anong parusa—"

"Don't bother," putol ni Kevin. Somehow ayaw niyang isipin man lang na nahihirapan si Naomi dahil sa kahit na anong dahilan. "Wala akong balak na magdemanda."

Hindi makapaniwalang napatitig sa kanya si Naomi. "Then, aalis ka na? Palalampasin mo na lang ang lahat ng 'to?"

Napasimangot si Kevin. Was she that eager to get rid of him? "Wala akong balak na umalis dito hangga't hindi ko nahuhuli ang taong gumagamit sa property ko para manloko ng mga tatanga-tangang mga babaeng tulad ng kapatid mo."

Nanlaki lang ang mga mata ni Naomi sa mga sinabi niya at napangiti naman si Kevin. Well, at least hindi na siya bored ngayon. Kung hindi lang para sa hilo na nararamdaman niya kapag bigla siyang kumikilos, baka nag-e-enjoy na siya ngayon at hina-hunting ang impostor niya.

At si Naomi? She would provide him with the perfect added distraction. Para siyang nasa isang detective novel.

Hindi na siya makapaghintay.

# 4

Hindi alam ni Naomi kung paano aaluin ang nakababatang kapatid niya at wala siyang ibang magawa kundi ang bigyan ito ng gatas at iwanan para matulog. Kung sana lang ay kaya niyang alisin ang sakit na nararamdaman nito. At dahil sa iba pa nilang problema, milagro na lang ang makakapagligtas sa kanila ngayon.

“How can you even stand her?”

Medyo gulat na hinarap ni Naomi ang may-ari ng baritonong boses na biglang nagpabilis sa pagtibok ng kanyang puso at nakita niya itong pinapanood siya mula sa hallway habang nakahalukipkip at nakasandal sa pader. Napalunok si Naomi. Hindi pa rin niya nakakalimutan ang nangyari sa kanila kaninang umaga. *Damn it.*

Pinilit niyang sumagot dito nang mahinahon. “Kapatid ko siya, wala na ‘kong ibang dapat na maging dahilan.”

“Talaga?” Nagtaas ng isang cynical na kilay si Kevin. “Kahit na wala siyang ibang ibinigay sa ‘yo kundi problema?”

Tiningnan niya ang lalaki nang masama. "Ano ba ang alam mo?"

"Marami akong kayang malaman sa pagtingin pa lang ng mga ugali ng mga tao," kalmadong sagot ni Kevin. "And after exposing myself to her and to you at the same time, alam ko agad kung ano ang posisyon mo sa bahay na 'to."

"Good for you." Tinalikuran niya ito para iwanan, pero pinigilan siya ng boses nito.

"Sandali." Tumigil si Naomi at sinulyapan ang kausap, nagpatuloy sa pagsasalita ang binata. "Marami akong tinanong kanina kay Amanda tungkol sa boyfriend niya at isasama ko rin si Dennis para hanapin ang impostor na 'yon."

Medyo napasinghap si Naomi sa narinig at agad na ibinigay rito ang buong atensyon niya. "Mr. Dela Nieve, kapag napahamak ang pinsan ko sa gagawin mong 'to—"

"Huwag kang mag-alala," kaswal na kibit ng balikat ng lalaki. "Nakaharap ko na ang pinsan mo and believe me when I say na kaya niyang alagaan ang sarili niya. Besides, he owes me."

"Then sasama din ako," deklara naman ni Naomi.

Biglang nanilim ang mukha ni Kevin. "No."

Napasimangot si Naomi. "And why not?"

"Hindi tayo sigurado, baka may baril siyang dala-dala, mapapahamak ka lang."

Naningkit ang mga mata ni Naomi. "Minamaliit mo ba 'ko?"

"Of course not!" Napakurap sandali si Kevin sa kanya at napangiti na parang natutuwa. "Hindi mo man lang ba naisip na baka nag-aalala lang ako sa 'yo?"

Napalunok si Naomi, nararamdaman na naman niya ang nakakahumaling na init na kumakalat sa buong katawan niya at sumasama sa dugo niya lalo na nang maramdaman niya na banayad na namang hinahaplos ni Kevin ang siko niya.

Pakiramdam ni Naomi magkakasakit siya at ang lalaking ito lang ang makakagamot sa kanya. Binawi kaagad niya ang braso mula rito. "Walang dahilan para mag-alala ka sa 'kin. Sige, hulihin mo lang ang impostor mo at pagkatapos, umalis ka na."

Muntik nang mapasinghap si Naomi nang mapansing napakalapit na pala ni Kevin sa kanya. "Careful, Naomi, you might hurt my feelings. Isa

pa, nakakalimutan mo na ba ang nangyari sa ‘ting dalawa kanina?”

Lumala ang init na nararamdaman ni Naomi at umakyat iyon papunta sa mga pisngi niya. Hinanap niya ang galit na dapat niyang maramdaman sa mga oras na iyon. “Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo? Porque ba nabuntis ang kapatid ko dahil sa recklessness niya, iniisip mo na rin na ganoon din ako? I suggest you do some reassessing. I’m sure na pagbalik mo sa kung saang lupalop ka nanggaling, makakahanap ka ng mga babaeng kayang-kaya mong bayaran para sa mga bagay na gusto mong mangyari.”

Biglang nanilim ang mukha ni Kevin sa mga sinabi niya at napasinghap na lang bigla si Naomi nang hilahin siya nitong muli papalapit sa matikas nitong dibdib habang tumititig sa kanyang mga mata na nanlaki dahil sa bilis ng pagbabago ng kaharap.

*Ano ba ang nangyayari sa akin?* aniya sa isip habang pinapanood ang pagbaba ng mga labi ni Kevin sa mukha niya. *Bakit attracted na attracted ako sa lalaking ito?* She had never felt anything like this with another man before.

“Aalis na ba tayo?”

Parang napaso na lumayo si Naomi kay Kevin at napaiwas dito ng tingin. Kahit na hindi niya nakikita si Dennis dahil nasa likod ito ni Kevin lumitaw, hindi pa rin mapigilan ng dalaga na ma-conscious at makaramdam ng kahihiyan.

"Nakuha mo na ba ang kotse ko sa villa?" tanong ni Kevin sa binatilyo nang nakatutok pa rin ang mga mata kay Naomi.

May narinig silang mga kalansing mula sa direksyon ng binatilyo. "Oo, dala ko na rito ang susi."

"Fine, lalakad na tayo." Inilapit ni Kevin ang mukha niya sa tainga ni Naomi at saka bumulong. "Hindi pa tayo tapos."

Pinanood ni Naomi mula sa dulo ng paningin niya ang pag-alis ni Kevin hanggang sa hindi na niya ito makita bago napansin na pinipigilan pala niya ang huminga. Dahan-dahan siyang huminga uli. Ni hindi man lang niya napansin na ginagawa na pala niya ang bagay na iyon at napakapit siya sa dibdib dahil sa napakabilis na pagtibok ng kanyang puso. Ramdam din niya na parang naging tubig ang mga tuhod niya at wala siyang ibang magawa kundi ang yakapin ang katawan na parang inaalo ang sarili.

"Ano ka ba, Naomi, umayos ka nga!" galit niyang

bulong sa sarili. “You just met the man, bakit ba para kang nawawala sa sarili kapag hinahawakan ka niya? Hindi ka niya laruan and you can’t afford to be played with lalo na ngayong marami kang problema!”

Napabuntong-hininga siya bago nagpunta sa kuwarto niya para muling suriin kung paano ba-budget-in ang savings niya para sa mga gastusin sa bahay at sa pamilya niya.

Alam niyang hindi healthy na kausapin ang sarili, pero nakatulong iyon sa pagbabalik ng focus niya sa sarili. Isa pa, she could not afford to fool around with any guy. No matter how ridiculously attractive he may be.

Basta, oras na mawala si Kevin Dela Nieve dito sa bahay, babalik rin sa dati ang lahat.

Inulit-ulit ni Naomi sa sarili ang mga salitang iyon hanggang sa halos maniwala na siya rito.

“PUWEDE BA, huwag ka uling lalapit pa kay Ate Naomi?”

Nagtaasan ang mga kilay ni Kevin at sandaling sumulyap sa katabing binatilyo habang nagda-drive.

"Excuse me?"

"Akala mo ba hindi ko kayo nakita kanina?" angil naman ng binatilyo. "Hina-harass mo kanina si Ate Naomi! Ngayon pa lang, sinasabi ko na sa 'yo, hindi siya katulad ni Ate Amanda, so stay away from her!"

Napangisi lang nang kaunti si Kevin sa protectiveness ni Dennis para sa nakatatanda nitong pinsan. "At ano naman ang karapatan mong pigilan ako?"

"Of course, may karapatan ako, pinsan ko siya! Ikaw ang walang karapatan na lumapit sa kanya dahil hindi ka naman namin kaanu-ano!" angil pa ni Dennis.

*Hmm… matalino din pala ang batang 'to*, ani Kevin sa sarili. Mukhang hindi siya palulusutin. "Alam mo, bata, kapag nagbinata ka na, maiintindihan mo rin."

"I'm sorry, pero hindi ko naisip na parte pala ng pagbibinata ang pananamantala sa mga inosenteng babae, lalo na kapag vulnerable sila."

Nakuha niyon ang interes ni Kevin. Si Naomi, vulnerable? Pero nakita rin niya na may malakas na loob din ang babaeng iyon. Napangiwi siya nang

kaunti nang maalala niya ang sinabi nito sa kanya kanina tungkol sa pagbili ng mga babae, hindi niya maiwasang hindi mainsulto. He had never bought a woman for sex in his entire life! He never had to! Oo, binibilhan niya paminsan-minsan ng mga regalo ang mga naging girlfriends at lovers niya, pero hindi siya ganoon kadesperado na magbabayad siya para sa panandaliang tawag ng laman.

Nevertheless, hindi maitatanggi ni Kevin sa sarili na iyon din ang nag-uudyok sa kanya na gustuhing alagaan si Naomi. Pinigilan niya ang sarili na kumapit sa dibdib niya nang maramdaman na parang may kumurot sa kanyang puso nang maalala niya ang hitsura ni Naomi noong mamutla ito at malaman kung sino siya. Somehow, ayaw niyang nakikitang nagkakaganoon ang babaeng iyon. So, in a big way, naiintindihan niya kung bakit napaka-protective ni Dennis sa pinsan nito.

“Napansin ko lang na parang kayo-kayo lang ang nasa bahay na ‘yon.” Sinubukan niyang palitan ang topic ng pag-uusap nilang dalawa. “Nasaan ang mga magulang ninyo at bakit siya ang nag-aalaga sa inyo?”

Sinimangutan siya ni Dennis at akala ni Kevin, hindi na siya nito sasagutin, pero mayamaya ay

narinig na rin niya ang boses nito. “Iniwan lang ako ng papa ko kay Ate Naomi noong six years old ako at hindi na niya ako binalikan after that. Si Ate Naomi na ang nag-alaga sa ‘kin simula noon. Naulila na sina Ate noong fifteen pa lang siya. Namatay ang papa niya sa aksidente; matagal nang patay ang mama niya noong ipanganak si Ate Amanda kaya nag-iisa na lang si Ate Naomi ngayon na bumubuhay sa ‘min.”

Naalalang bigla ni Kevin ang mga family pictures na nasa living room ng bahay nina Naomi at bigla, naalala na niya kung saan niya nakita ang mga mukhang iyon. “Teka lang. ‘Yong apelyido nina Naomi… Villacordia ba?”

Gulat na napatitig si Dennis sa kanya. “P-paano mo nalaman?”

Nagkibit lang ng isang balikat si Kevin. “Naalala ko kasi noong makita ko ‘yong mga mukha na nasa mga pictures ninyo. Kaibigan ni Renato Villacordia ang daddy ko noong buhay pa siya at na-introduce na kami dati, kaya lang masyado nang matagal kaya hindi ko agad naalala. Isa pa, may shares sila sa isa sa mga kumpanya ko at maganda naman ang kita nila. Anyway, hindi ba may malaking kumpanya at fortune ang mga Villacordia? Paanong parang hirap

na hirap kayo sa buhay?"

Nanilim ang mukha ni Dennis. "Dahil 'yon sa papa ko."

Nagtaasan ang mga kilay ni Kevin at muling napasulyap sa kasama. "'Yong kapatid ng mama nila, I assume? Ang alam ko kasi walang mga kapatid si Tito Renato. What about him?"

Lalong lumalim ang simangot ni Dennis. "Apparently, siya na lang ang nag-iisang living guardian namin at nakalagay sa huling habilin ni Tito Renato na hindi makukuha nina Ate Naomi ang mga mana nila hangga't hindi sila nakakapag-asawa. Kaya lang, mas sobra pa sa suwapang ang walanghiyang 'yon! Nagpapakasasa siya sa kayamanan ni Tito Renato habang hinahayaan lang niya na mabulok kami dito! Ni isang kusing, hindi man lang nagpapadala kaya naman napipilitang magtrabaho si Ate Naomi ng mabibigat para lang makaraos kami. Sa totoo lang, hindi ko nga malaman kung paano pa niya 'ko napapaaral, eh."

Nangunot ang noo ni Kevin. "Bakit hindi na lang kayo lumipat ng Maynila?"

"Hindi puwede." Magkahalong galit at frustration ang nababakas sa mukha ni Dennis. "Pinagbabawal

ni Papa na lumuwas sina Ate Naomi kasi natatakot siya na baka makakita ng mga asawa sina Ate doon. Nagbanta siya na kapag umalis daw kami rito, may gagawin daw siya sa aming masama."

"He can't do that—"

"Puwede siyang gumawa ng paraan," putol dito ni Dennis. "Halang ang kaluluwa ng taong 'yon at isinusumpa ko, oras na maging abogado ako, lagot siya sa 'kin!"

Lalong naging interesado si Kevin. "Ano ba ang pangalan ng tatay mong 'yon?"

"Arsenio," mapait na sagot ni Dennis, halatang malalim ang sama ng loob sa ama. "Arsenio Maravello."

Hindi nakapagsalita si Kevin sa nalaman, hindi dahil hindi niya malaman kung ano ang sasabihin, kung hindi dahil sa galit. Kilala niya ang Arsenio na iyon. Sinasabi na nga ba niya at ipis ang hayop na iyon! He would take the utmost pleasure in crushing the bastard. Mukhang magiging busy siya sa mga susunod pang mga araw.

"Dito, itigil mo rito," utos ni Dennis sa kanya.

Tumigil sila di-kalayuan sa isang low class na

motel na napapalibutan pa ng mga beerhouse at tindahan. “Naipadala mo na ba ang text message na sinabi ko sa ‘yo, gamit ang cellphone ni Amanda?”

“Oo.” Ipinakita ni Dennis sa kanya ang cellphone. “Masuwerte tayo, hindi pa ‘to binubura ni Ate Amanda. Sa totoo lang, naiinis ako sa sarili ko at hindi ko ‘to naisip na gawin mag-isa.”

“It’s called ‘experience,’ bata,” nakangisising sagot lang ni Kevin. “Matututo ka rin.”

Nang marinig ang tungkol sa nangyari kay Amanda ay nag-isip agad ng plano si Kevin kung paano mahuhuli ang walanghiyang nanggagamit ng property niya para makapanloko ng iba. Kaagad niyang kinausap si Dennis na ipuslit ang cellphone ni Amanda at magpadala ng message na malambing na nagsasabing gustong makita ng nakakairitang babae ang kalaguyo nito para sa isang magandang balita at may ibibigay ito sa lalaki. At oras na kumagat ito sa pain, hindi na ito pakakawalan ni Kevin.

Pumasok sina Kevin at Dennis sa loob ng motel at saka sinimulang hanapin ang kuwarto na sinasabi ni Amanda. “Saang room number daw ba uli sila nagkikita rito?”

“Room number 21 daw,” sagot naman ng

binatilyo. "Iyon ang sinabi ng isa kong kakilala na natatandaan si Ate Amanda sa tuwing pumupunta siya rito kasama ng lalaki."

Tumango si Kevin, relieved dahil maaasahan ang bata. Habang tumatagal, nadidiskubre niyang natutuwa siya sa ugali ni Dennis. "Ano ba naman 'yang pinsan mo? Pipili lang ng love nest, dito pa sa mukhang basurahan na 'to."

Akala ni Kevin ay magagalit sa kanya si Dennis, pero napangiti siya sa naging sagot nito sa kanya. "It was probably the only kind he can afford."

Nang makita nila ang silid ay nagpasyang pumasok mag-isa ni Kevin. "Dito ka maghintay sa labas para maharangan mo siya kapag sinubukan niyang tumakas. Ako na lang ang papasok sa loob."

Tumango si Dennis at tumambay sa hallway at pumasok naman sa loob si Kevin. Ang totoo, ayaw lang talaga niyang mapahamak si Dennis sakaling magkagulo. Hindi niya nakakalimutan ang mga sinabi sa kanya ni Naomi at sa palagay niya, hindi siya nito mapapatawad kapag may nangyaring masama sa nakababata nitong pinsan.

Tahimik na naghintay si Kevin at, hindi nga nagtagal, may dumating. Dahil nakapuwesto siya sa

pader na malapit sa pinto, kaagad niyang naisara iyon bago pa rumehistro sa bagong dating na walang tao sa silid. Gulat itong napaharap sa kanya.

"A-ano'ng ibig sabihin nito?" paos at takot nitong tanong sa kanya.

Itinago ni Kevin ang gulat na naramdaman niya nang makita na napakabata pa ng lalaki. He could be no older than eighteen, kaunti lang ang tanda kay Amanda, at mukhang wala pang kamuwang-muwang sa buhay. "Huwag ka nang magkunwari, alam mo kung bakit ako nandito."

Napalunok ito at napaatras sa kanya. "H-hindi ko po alam ang sinasabi ninyo…"

Kinuha ni Kevin ang cellphone ni Amanda mula sa bulsa niya at tinawagan ang number ng kalaguyo ng dalaga. Kasabay niyon ay may cellphone na nag-ring din mula sa bulsa ng lalaki. Namutla itong lalo bago parang nanlambot at napaupo sa kama. "Sige na, suko na po ako…"

"Kilala mo ba kung sino ako?" malamig na tanong dito ni Kevin.

Napakurap ang lalaki at napatingin kay Kevin. "Kamag-anak ka ni Amanda, di ba?"

Naningkit ang mga mata ni Kevin. "Ako lang naman ang may-ari ng Villa Dela Nieve."

Parang hihimatayin ang lalaki habang nakatitig sa kanya. "D-Diyos ko… P-pasensya na po kayo! Wala po akong binabalak na masama!"

"Makikita natin." Kinuha ni Kevin ang isang silya na nasa silid at inilagay iyon sa harapan ng lalaki saka inuupuan. "Sa ngayon, mag-uusap tayong dalawa nang masinsinan. Magsimula tayo ngayon sa pangalan mo, hijo."

Napalunok ang binata bago sumagot. "M-Marco po. Marco Samonte…"